

COUNTY NG SAN DIEGO

TAGAPAGREHISTRO NG MGA BOTANTE

5600 OVERLAND AVE., SUITE 100, SAN DIEGO, CA 92123

Telepono (858) 565-5800 Fax (858) 505-7294 TTY/TDD (800) 735-2929

PORMA NG PAHAYAG SA BERIPIKASYON NG BALOTANG PANGKOREO AT PIRMA

PAUNAWA: ANG ISA SA MGA SUMUSUNOD AY NAAANGKOP SA INYO:

- HINDI NINYONG NAPIRMAHAN ANG SOBRENG PAGBABALIK NG INYONG BALOTA NG PAGBOTO-SA-KOREO, O
 ANG INYONG PIRMA AY HINDI MABERIPIKA SA SOBRENG PAGBABALIK NG INYONG PAGBOTO-SA-KOREO

**BASAHING MABUTI ANG MGA SUMUSUNOD NA IMPORMASYON BAGO KUMPLETUHIN ANG PORMANG ITO.
ANG PAGKABIGONG SUMUNOD SA MGA INSTRUKSYONG ITO AY MAAARING MAGING DAHILAN NG HINDI
PAGBILANG NG INYONG BALOTA.**

Ang porma na ito ay dapat kumpletuhin ng botante at ibalik sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng hindi lalampas ng **ika-5 ng hapon (Pacific Standard Time) sa Ika-1 ng Disyembre**. Kailangan ninyong kumpletuhing punan ang porma na ito at ilagay ang inyong pirma.

Maaari ninyong ibalik ang porma na ito sa pamamagitan ng:

- **PAGPUNTA nang personal sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante** upang pirmahan ang inyong orihinal na Sobreng Pagbabalik ng Balota ng Pagboto-Sa-Koreo o pag-drop-off ng porma na ito, Lunes hanggang Biyernes ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.
O
- **PAGPAPAKOREO** ng porma na ito sa aming opisina. Ang inyong pinirmahang Porma ay dapat matanggap sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng hindi lalampas ng ika-5 ng hapon sa Ika-1 ng Disyembre, 2020 (*Hindi Tinatanggap ang Postmark*). Kung ibabalik ninyo ang porma na ito sa pamamagitan ng koreo, kailangan ninyong lagyan ng postage ang sobre.
O
- **PAG-DROP-OFF** ng inyong pinirmahang porma sa isang lugar ng botohan o sa itinalagang mail ballot drop-off site sa County ng San Diego sa Araw ng Eleksyon bago ang ika-8 ng gabi.
O
- **PAG-FAX** ng pinirmahang Porma sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa (858) 505-7294.
O
- **PAG-EMAIL** ng pinirmahang Porma sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa VoteByMail@sdcounty.ca.gov.

Ako, _____, ay isang nakarehistrong botante ng County ng San Diego, Estado ng California.
(I-print ang Pangalan ng Botante)

Ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa ng panunumpa ng walang katotohanan (perjury) na humiling at ibinalik ko ang balota ng Pagboto-Sa-Koreo at na hindi pa ako at hindi boboto nang higit sa isang balota sa eleksyong ito. Ako ay isang residente ng precinct kung saan ako bumoto, at ako ang taong makikitang nakapangalan sa sobreng Pagbabalik ng Balota ng Pagboto-Sa-Koreo. Nauunawaan ko na kapag ako ay nakagawa o nagtangka ng anumang pandaraya na may kinalaman sa pagboto, o kapag ako ay tumulong o isang kasabwat sa pandaraya o nagtangka na tumulong o maging kasabwat sa pandaraya na may kinalaman sa pagboto, ako ay maaaring mahatulan ng isang peloni na may parusang pagkakakulong nang 16 na buwan o dalawa o tatlong taon. Nauunawaan ko na ang aking pagkabigong mapirmahan ang pahayag na ito ay nangangahulugan na ang aking balota ng Pagboto-Sa-Koreo ay hindi karapat-dapat na mabilang.

KUMPLETUHIN ANG LAHAT NG IMPORMASYON

PIRMA NG BOTANTE: _____ PETA: _____
HUWAG I-PRINT (Hindi maaaring tanggapin ang Power of Attorney)

PIRMA NG SAKSI, kung kinakailangan: _____
(Kung hindi makapirma ang botante, siya ay maaaring gumawa ng isang markang sinaksihan ng isang taong mahigit sa edad na 18 taon.)

NAKAREHISTRONG ADRES NG TIRAHAN: _____
(Adres ng Kalye)

(Lungsod) (Estado) (Zip Code)

FOR VOTE-BY-MAIL STAFF USE ONLY

AVID#: _____ Initials: _____ Return Date: _____